

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Ang mga Kaugalian ng ating mga Ama

Ni Elder Brent H. Nielson
First Counselor in the Area Presidency

Sa nakalipas na apat na taon, kami ng asawa kong si Marcia ay nagkaroon ng pagkakataon na mapuntahan ang maraming iba't ibang lupain na magkakaiba ang kultura. Mula sa Estados Unidos nagpunta kami sa New Zealand, Australia, Tahiti, Samoa, Tonga, Fiji, Vanuatu, Kiribati, The Marshall Islands, Papua New Guinea at ngayon sa Pilipinas. Nang makilala namin ang mabubuting banal sa lahat ng mga bansang ito, naging mas malinaw sa amin ang huwarang inilarawan sa Aklat ni Mormon. Ayon sa bilang ko, ang katagang, "mga kaugalian ng aming mga ama," ay ginamit nang 20 beses sa Aklat ni Mormon. Sa ilang pagkakataon ang kataga ay ginamit upang ilarawan ang mabubuting kaugalian ng kanilang mga ninuno na humantong sa pananampalataya nila sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. (Tingnan sa Alma 30:13-14) Gayunpaman, marami ang bumabanggit sa "masasamang kaugalian ng aming mga ama," na naglalayo sa mga tao sa mga turo ng Diyos. (Tingnan sa Alma 23:3)

Bawat isa sa atin, bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, dapat nating suriin ang mga kaugalian na nakita natin sa ating pamilya at sa ating kultura at alamin kung ang mga kaugaliang iyon ay aakay sa atin palapit o palayo sa mga turo ng Diyos. Ang kultura na sinisikap nating makamit ay ang kultura ni Jesucristo.

Dahil ang "mga kaugalian ng ating mga ama" ay may malakas na impluwensya sa darating na mga henerasyon, dapat tayong magkaroon ng mga kaugalian sa ating mga pamilya, ward at branch na tutulong sa ating mga anak at apo na makita ang landas tungo sa buhay na walang-hanggan at manatili sa landas na iyan.

Ang 2013 Philippines Area Goals ay tumutulong sa atin na maunawaan na kailangang "Iligtas ang Bagong Henerasyon." Ginagawa natin iyan sa pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating tahanan at sa ating ward at branch. Gayunman, ang isa sa mga pinakaepektibong paraan para maturuan sila ay ang pagkakaroon ng mabubuting tradisyon o kaugalian



*Dapat nating suriin ang mga kaugalian na nakita natin sa ating pamilya at sa ating kultura at alamin kung ang mga kaugaliang iyon ay aakay sa atin palapit o palayo sa mga turo ng Diyos. Ang kultura na sinisikap nating makamit ay ang kultura ni Jesucristo.*

para magkaroon sila ng kultura na puno ng kabutihan. Kabilang sa mga tradisyong iyon ang ikapu, araw-araw na pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at family home evening. Kasama rin sa tradisyon ng pamilya ang palagiang pagdalo sa mga pulong natin tuwing Linggo habang pinapanatili nating banal ang Araw ng Sabbath.

May iba pang mga tradisyon ang pamilya at ward o branch na maaari nating itatag na aakay sa bagong henerasyon tungo sa ligtas at payapang landas. Ang isa sa mga iyon ay ang tradisyon o kaugaliang magmisyon. Nalaman namin ni Marcia sa aming mga paglalakbay na maraming pamilya ang nakaugalian na ang magmisyon. Ang mga lolo't lola ay nagmisyon, ang mga magulang ay nagmisyon at ngayon, dahil sa "mabubuting kaugalian ng kanilang mga ama," ang mga anak ay nagmimisyon. Sa ating mga family home evening maaari tayong magkaroon ng tradisyon habang maliliit pa ang mga bata,

na "sa ating pamilya, lahat tayo ay magmimisyon." Ang mabuting tradisyong ito ay hahantong sa mga pagpapalang hindi mo aakalain. Kapag tradisyon na ng mga pamilya ang magmisyon, nabubuksan ang kalangitan sa kanila at ibinubuhos ng Panginoon ang kanyang pagpapala sa mga anak at apo. Kung walang ganitong tradisyon ang inyong pamilya, simulan na sa araw na ito. Magtakda ng mithiin sa inyong susunod na family home evening na lahat ng miyembro ng pamilya ay magmimisyon. Pagpapalain nito ang inyong mga anak at ang mga anak ng inyong mga anak sa darating na mga henerasyon.

Maaari ding magkaroon ang mga ward at branch ng kaugaliang magmisyon. Maraming taon na ang nakararaan kami ni Marcia ay lumipat sa isang Stake kung saan kakaunti lang ang mga kabataang lalaki na nagmimisyon. Nang dumating kami roon 12 lang ang nasa misyon sa buong Stake. Sa paglipas ng panahon, nakita namin na pinasimulan ng butihing Stake President ang isang tradisyon na lahat ng karapat-dapat at may kakayahang kabataang lalaki sa Stake ay magmimisyon. Ang tradisyong ito ay humantong sa nakamamanghang pagtaas ng bilang ng mga naglilingkod sa misyon. Sa nakalipas na mga 15 taon, napataas ng Stake na ito ang bilang ng mga full time missionary, mula sa 12 ay umabot ito sa mahigit 60. Kung tatanungin ninyo ako kung paano ito nagawa, ang sagot ko ay nagkaroon sila ng mabuting tradisyon na sa Stake na iyon, lahat ay maglilingkod. Ang mabuting tradisyong ito ay nagdulot ng mabuting pagbabago sa Stake at binago nito ang mga pamilya tungo sa kawalang-hanggan.





LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI DANEL BERIONG

May isa pang mabuting kaugalian na dapat nating taglayin sa ating mga pamilya, mga ward at branch at iyan ay ang kasal. Ang kasal ay inorden ng Diyos. (Tingnan sa Pagpapahayag sa Mag-anak) Ang pag-aasawa ay nagdudulot ng higit na kagalakan at kaligayahan sa ating buhay kaysa anupamang bagay na magagawa natin. Gayunpaman, sa bawat kultura ay may masasamang kaugalian ang ating mga ninuno na humahadlang sa atin sa pagpapakasal. Kabilang sa mga tradisyon o kaugaliang iyon ang mga magulang na umaasang susuportahan sila ng kanilang mga anak na malalaki na, sa halip na mag-asawa; mga kaugaliang nagsasabi na hindi pa maaaring mag-asawa ang mga binata at dalaga hangga't hindi pa siya nakakahanap ng matatag na trabaho; mga kaugalian na mas mahalagang suportahan ang mga nakababatang kapatid kaysa sa pagpapakasal tungo sa walang-hanggan. Lahat ng mga kaugaliang ito ng ating mga ama ay humahadlang sa bagong henerasyon sa pagsasakatuparan ng layunin nila sa buhay at pagtatamo ng kagalakan sa buhay na ito.

Samakatwid, tulad ng pagkakaroon natin ng mabubuting kaugalian sa pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagmimisyon, dapat ding magkaroon tayo ng mabubuting kaugalian sa ating mga pamilya, mga ward at branch tungkol sa pag-aasawa. Hinihikayat namin ang Kasal sa Templo at nagtatatag tayo ng mga kaugalian sa ating pamilya na pagkatapos magmisyon, ang susunod nating mithiin ay magpakasal sa tamang tao, tamang lugar, tamang awtoridad. Nagtatatag tayo ng mga kaugalian sa ating ward at branch na ikinararangal natin ang mga kabataang lalaki at babae na nakauwi na mula sa misyon at naghahangad na maikasal sa Templo. Hinihikayat natin sila na maghanap ng mapapangasawa at nagtutulungan tayo para tulungan silang maging masaya ang kanilang buhay may-asawa. Ito ang dapat na maging mabuting kaugalian ng mga bagong henerasyon dito sa Pilipinas.

Dahil ang mga kaugalian ay nakaiimpluwensya sa mga henerasyon sa loob ng daan-daan at maging libu-libong taon, napakahalagang magkaroon tayo ng mabubuting kaugalian. Ang desisyon ninyo ngayon na magkaroon ng mabuting kaugalian ng pamilya ay may walang hanggang epekto sa darating na mga henerasyon. ■

# Ang mga Puso ng mga Anak ay Nagbabalik-loob

Ni Deo M. Divinagracia

Sa loob ng isang internet café, isang grupo ng mga tinedyer ang nakapako sa kanilang mga computer monitor habang panay ang type at klik nila. Hindi pangkaraniwan ang kanilang katahimikan, di-tulad ng karaniwang napakaingay na grupo ng mga kabataang nakapako sa pinakabagong online game. Sa isang meetinghouse, nakapaligid ang mga kabataang lalaki at babae sa isang microfilm reader habang ipinapakita sa kanila kung paano magsaliksik ng impormasyon nang manu-mano tungkol sa pumanaw nilang mga ninuno. Sa iba pang mga lugar, bumibisita ang mga miyembro at lider sa bahay ng mga kabataang LDS, na may dalang mga laptop at portable broadband WiFi para turuan silang mag-log on sa https://familysearch.org at lumikha ng sarili nilang account.



LARAWAN KUHA NI MYCO CONCEPCION

Ganitong mga tagpo at iba pang mga katulad nito ang nangyayari sa lahat ng dako ng bansa, at dahil dito ay mas mataas ng 13 beses ang dami ng mga pangalang naidagdag sa Family Tree ng mga Pilipinong kabataang LDS kumpara sa average ng buong Simbahan noong 2012. Naisumite ng 56,592 kabataang lalaki at babae ang kabuuang 114, 924 ordenansa mula sa Philippines Area. Binubuo ito ng humigit-kumulang sa dalawang ordenansang naisumite ng bawat kabataang Pilipinong LDS kumpara sa ibang mga lugar na isang ordenansa lamang kada tatlong kabataang LDS ang naisumite.

Talagang naantig ng diwa ni Elias ang ating mga kabataan, at ang kanilang puso ay nagbabalik-loob sa kanilang mga ama sa kamangha-manghang paraan. Sinabi ni Bro. Manolito Baul, Area Director ng Family History, na hindi niya pinaniwalaan ang balita nang una niya itong marinig. “Pero nang mapatunayan ko ito, hangang-hanga ako sa ating mga kabataan at nabigyan nila ako ng inspirasyon na gumawa ng higit pa para sa gawain ng Family History dito sa Pilipinas,” dagdag pa niya.

**Talagang nakapagbibigay-inspirasyon at kahanga-hanga rin ang sumusunod na mga salita ng ating mga kabataang masigasig sa Family History:**

“Natutuwa ako na naiintindihan ko na ngayon kung gaano kahalaga ang gawain sa Family History. Ngayon, sa halip na basta magbasa-basa lang sa Internet o maglaro ng mga online game, gumugugol ako ng oras sa pagsasaliksik ng family history online. Gayundin, tuwing bibisita kami sa Templo, masaya ako dahil alam kong naisumite ko ang mga pangalan ng aking pumanaw na mga ninuno at isinasagawa ko ang mga ordenansa ng binyag para sa kanila. Masarap sa pakiramdam ang malaman na ginagawa ko ang aking bahagi sa pagliligtas sa kanila.”



**Lowell Robert S.**
*Cagayan de Oro Philippines Stake*

“Kung minsan ay mahirap hanapin ang mga pangalan ng aking mga ninuno pero talagang nakakatuwa rin, at isang hamon ito sa akin. Mapalad tayo dahil sa panahong ito ay mas madali nang magsaliksik dahil sa internet. Ang Simbahan ay napakaraming ibinibigay na pagkukunan para matulungan tayong tapusin ang gawain.




LITRATO KUHA NI DINA ALVES

Kailangan lang nating gawin ang ating bahagi: pamahalaan ang ating oras at balansehin ang paggawa ng genealogy at ang paglalaro ng mga computer game o pagbisita sa mga social networking site. Masarap sa pakiramdam ang malaman na tinutulungan mo ang pamilya mo."



**Anne'l Faith Barola F.**
*Novaliches Philippines Stake*

"Nakasisigla na ako mismo ang lilikha ng mga file para sa aking mga ninuno at kalaunan ay magsasagawa ng mga ordenansa para sa kanila. Mahalaga na personal kong masubaybayan ang mga nagawa ko na para sa kanila. Pamilya ko sila. Kasaysayan ito ng AKING pamilya."



**Kariza Mae B.**
*Cauayan Philippines District*

"Ang paggawa ng family History ay hindi lamang ako tinutulungang makilala ang aking mga ninuno, kundi pinatitibay rin nito ang kaugnayan ko sa aking mga magulang. Hinihikayat nila akong makibahagi sa gawaing ito. Nakakatuwa nang matuklasan namin na ang aking mga lolo't lola-sa-tuhod ay mga pinuno ng tribo rito sa Mindanao."



**John Kirby P.**
*Davao City Philippines Stake*

"…Siyempre alam ko kung ano ang Family History pero talagang naunawaan ko lang ito nang simulan kong ikutin ang sarili kong microfilm (na ako mismo ang umorder). Ang pinakamagandang karanasan ko sa lahat ng ito ay nang isagawa ko ang ordenansa ng binyag sa pamamagitan ng proxy sa templo para sa lahat ng pangalang personal kong isinumite. Nang marinig kong tawagin ang kanilang mga pangalan, napakasaya ko. Alam ko na masaya ang lahat ng ninuno ko … at masaya ako na nagawa ko ang aking bahagi. Ngayon ay hindi lamang ako natutuwa sa paggawa ng sarili kong family history, kundi aktibo rin akong Indexer, at nagagalak ako sa ginagawa ko."



**Ronnel Reduca R.**
*Cagayan de Oro Philippines Stake*

Ano ang nakahikayat ng kahanga-hangang tagumpay na ito? Pinupuri ni Brother Baul ang matinding pagsisikap ng mga lider ng priesthood, Young Men at Young Women presidency at mga nagtatrabaho sa Family History na naglilingkod sa 85 stake at 84 district ng kapuluan.

"Ang pagtutulungan ng Family History Center Director, ng mga Stake Young Men at Young Women Presidency at ng High Council Youth Adviser ang sikreto namin sa tagumpay ng gawain dito sa stake namin. Nagkakaisa sila nang lubos sa pagdaraos ng iba't ibang aktibidad na nagbibigay-inspirasyon sa aming mga kabataan na gumawa ng Family History."



**Pres. Jose L. Plaza**
*Bacolod Philippines South Stake*

"Dahil napakalayo ng templo sa aming lugar, ang makapunta roon ay itinuturing naming natatanging kaloob at malaking tagumpay ng marami. Itinuturo namin sa aming mga kabataan na bawat aktibidad na nilalahukan nila ay dapat makapaghanda sa kanila para sa templo. Hinihikayat namin ang mga kabataan na maging karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu Santo, magkaroon ng current limited temple recommend, lumikha ng isang LDS/Family Search Account, magkaroon ng kahit sampu hanggang apatnapung pangalang isusumite para sa mga ordenansa sa templo, maging mga indexer at arbitrator, at sumama sa pagpunta sa templo para sila mismo ang makapagsagawa ng mga ordenansa.



"Nagpapasalamat kami sa mga lider ng branch at district sa pagsubaybay sa ginagawa ng mga kabataan: sa pagdalo nila sa mga

serbisyo tuwing Linggo, sa klase ng seminary, mutual at iba pang mga aktibidad."

**Grace M. Castillo**
Family History Director
*Cauayan Philippines District*

"Ang mahusay na pamumuno ng aming stake president ang naghikayat sa amin na gumawa ng Family History. Hinamon niya kami at binigyan kami ng kani-kanyang tungkulin. Tumawag ng isang Family History Consultant para sa bawat unit at nagdaos ng mga training seminar. Hinikayat niya ang mga bishop na tumawag ng iba pang mga consultant para tumulong sa gawain. Nang makatawag na ng mga gagawa, nagtuon kami sa mga kabataan at nagdaos kami ng mga workshop para sa kanila.

"Hindi ito kaagad nagtagumpay, kaya nagdaos kami ng iba pang mga workshop, isinama namin ang Family History sa mga youth conference program, at hindi namin sila tinigilan. Hindi namin inisip na hindi magiging interesado ang mga kabataan. Nagtiwala kami sa kanila: sa kanilang mga kasanayan at patotoo tungkol sa Simbahan. Alam naming madarama nila ang Espiritu kung patuloy namin silang tuturuan at gagabayan."



**Ronelldino Frio**
Family History High Council Adviser
*Novaliches Philippines Stake*

"Dahil kulang ang mga computer namin, dinala namin ang aming mga kabataan sa mga Internet shop para bigyan sila ng pagkakataong gumawa ng Family History online. Kalaunan, nagulat akong malaman na dinadala ng ilan sa



kanila ang kanilang mga magulang sa mga Internet shop para turuan sila tungkol sa Family Search."

**Adrian Quitola**
Young Men President
*Cauayan Philippines District*

"Hindi nakita ng karamihan sa mga kabataan kung gaano kahalaga ang gawain sa family history noong una. Katunayan, para sa marami, isang 'utos' ito, isang pabigat. Karamihan ay mas gustong maglaro ng mga online game at gumugol ng oras sa mga social networking site. Ngunit gaya ng patotoo ng maraming iba pang gumagawa ng family history, kapag nagkaroon na sila ng personal na karanasan tungkol sa gawain, kapag nakakita sila ng isang pangalan … at isa pa …. at isa pa, nagbabago ang pakiramdam nila. Nang mangyari iyan, lahat ay nagsimulang lumagay sa lugar … at ang tuwa at sigla ang nagpasimulang 'isulong ang gawain,' at hindi na sila mapigilan.
"Nakatulong din nang malaki ang paggawa nila bilang isang grupo, bilang isang klase (para sa YW), o isang Korum (para sa YM).
Ibig sabihin, epektibo ang magandang impluwensya ng barkada! Dahil maraming gumagawa ng family history at nagagalak silang gawin ito, 'nagsimulang mahawa ang iba' at hindi nagtagal, karamihan sa kanila ay naging 'sabik sa paggawa'!"



**Maria Christina Itchon-Concepcion**
dating Family History Director
*Cagayan de Oro Philippines Stake*

Tunay ngang sinusunod ng mga Pilipinong kabataang LDS ang payo ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawa sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011:

"Ngayon ay hihingin ko ang atensyon ng mga kabataan at mga bata ng bagong henerasyon habang binibigyang-diin ko ang kahalagahan ng Diwa ni Elias sa inyong buhay.… Sinanay kayong magpadala ng mensahe at mag-usap sa computer para mapabilis at mapasulong ang gawain ng Panginoon—hindi lang para mabilis ninyong makaugnayan ang inyong mga kaibigan. Ang mga kasanayan at kakayahan sa maraming kabataan ngayon ay isang paghahanda para makatulong sa gawain ng kaligtasan.

"Hinihimok ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias. "Hinihikayat ko kayong kilalanin, saliksikin ang inyong mga ninuno, at ihanda ang inyong sarili sa pagpapabinyag sa bahay ng Panginoon para sa inyong mga namatay na kaanak (tingnan sa D{nb}at{nb}T 124:28–36)." ■




LITRATO KUHA NI DEO DIVINAGRACIA

# PAGSISIKAP NA TULARAN SI JESUS

"Gustung-gusto kong pumunta sa Primary dahil natututo kami ng mga bagong awitin, masasaya ang mga aktibidad namin, at nagkakaroon kami ng mga kaibigan. Tinutulungan ako nito na magtiwala sa sarili, malaman pa ang tungkol kay Jesucristo, mga propeta, at Simbahan. Ang itinuturong mga lesson ay tumutulong sa akin na piliin ang tama at magkaroon ng patotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo."



**Dominique Danielle Therese B., 6 na taong gulang.**
*Makati Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong magpunta sa Primary dahil sa tuwing dumadalo ako sa klase, marami pa akong natututuhan tungkol sa plano ng Ama sa Langit para sa atin at kung paano tayo makababalik sa Kanya. Mas marami akong natututuhan tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Gustung-gusto ko ring kumanta ng mga awitin sa primary, makipaglaro sa ibang mga bata, at makinig sa aking mga guro sa primary."



**Jasmine M. O., 7 taong gulang**
*Malolos Philippines Stake*

"Dumadalo ako sa klase sa primary dahil alam kong matututo ako ng mabubuting bagay, lalo na kung paano magbahagi sa iba. Nalaman ko rin na ang mga banal na kasulatan ay totoo at mga salita ng Diyos. Sa pagdalo sa primary magkakaroon ako ng patotoo tungkol kay Jesucristo, na Siya ay tunay nating kaibigan at namatay Siya para sa atin para makabalik tayo sa ating Ama sa langit.… AT gustung-gusto ko ang mga premyo na nakukuha ko kapag tama ang sagot ko sa tanong ng aking guro!"



**Esther Kairra C. N., 8 taong gulang**
*Bacolod Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa Primary dahil marami akong natututuhan dito. Natututuhan ko ang tungkol kay Jesucristo at ang mga bagay na ginawa Niya. Masaya ako sa Primary dahil nakikita ko ang mga kaibigan ko roon. Nagkakantahan kami at naglalaro. Mabait din ang aming guro."




**Sherlaine S. J., 7 taong gulang**
*Novaliches Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa primary dahil palagi kong nakikita ang larawan ni Jesucristo kapag pumapasok kami sa silid-aralan. Palaging inilalagay ni Sister Neneng ang larawan ni Jesucristo sa ibabaw ng mesa. Palaging maganda ang itinuturo ng guro ko, tulad ng pagsasabi ng totoo at pagpapasensya. Nagbabasa rin ako ng mga banal na kasulatan sa harap ng klase."



**Jared Ramyll D. C., 6 na taong gulang**
*Makati Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa primary para malaman pa ang tungkol sa aking Tagapagligtas na si Jesucristo."



**Daniela Laurice F., 6 na taong gulang**
*Gapan Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa primary dahil mahal ko ang klase namin, mga kaibigan ko, at gustung-gusto kong nagkukuwento ang aming guro tungkol kay Jesucristo. Natutuwa rin kami sa pagdodrowing at pagkukulay ng mga larawan mula sa mga kuwento sa mga banal na kasulatan."



**Eve Jordin B., 5 taong gulang**
*Fairview Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa Primary dahil makakasama ko ang guro ko sa Primary at ang mga miyembro ng simbahan, na nagpapaganda ng pakiramdam ko at nagpapadama sa pagmamahal ng Tagapagligtas. Masaya rin ako dahil marami akong natututuhan tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang pagdalo sa primary ay lubos na kapaki-pakinabang sa aking buhay. Talagang gustung-gusto kong pumunta sa Primary!"



**Joash Allen L. C., 8 taong gulang**
*Marikina Philippines Stake*

"Gustung-gusto kong pumunta sa Primary dahil marami akong natututuhan tungkol kay Jesucristo."



**Gian A., 11 taong gulang**
*Parañaque Philippines Stake*

# Pagsunod sa Kanyang Payo nang Walang Pagpapaliban

Ni Deo M. Divinagracia

Ang mga Young Single Adult sa iba't ibang dako ng bansa ay kinakitaan ng matinding sigla matapos silang dumalo sa Area Broadcast noong Enero 12. Ang paglalahad ng 2013 Area Goals ay lalong nagpaunawa sa maraming dumalo roon.

Ang talagang napagtuunan ng pansin ay ang mithiin na "Iligtas ang Bagong Henerasyon" na binibigyang-diin ang kasal sa templo. Ang payo na ipriyoridad ang pagpapakasal sa templo nang walang pagpapaliban ay talagang ibinigay nang may inspirasyon. Ito ay nakaantig sa maraming young adult at nagtakda ng maraming bagay na gagawin.




## ONLINE ADVOCACY

Kabilang sa mga nakadama ng kahalagahang sundin ang mensahe ay si Dane July Beriong, isang 24 na taong gulang na returned missionary mula sa Quezon City. Nahikayat siya nito na lumikha ng At the Temple Gates, isang Facebook group kung saan ang mga Young Single Adult na handa na at nais nang mag-asawa ay maaaring makilala ang iba na may ganoon ding mithiin. "Naantig ako ng Area Goal na Dagdagan ang bilang ng mga Young Single Adults na nagpapakasal sa Templo, at sa walang kapagurang pagsisikap ng mga lider ng simbahan sa pagpapaalala sa mga YSA ng tungkol sa mithiing ito," pagpapaliwanag ni Dane.

Tumugon ang ibang YSA sa pinasimulan ni Dane. Natuwa sila at marami ang nagkomento na tamang-tama ang pagkalikha ng Facebook group na ito. Nasiyahan sila, nagpahayag ng pag-asa, at sinabing maaaring ito lang ang bagay na kinakailangan nila - isa pang lugar para makakilala ng isang taong maaaring maging asawa hanggang sa kawalang-hanggan. Ang sumali rito ay umabot sa halos 900 sa loob lamang ng dalawang buwan, na mga miyembrong mula sa iba't ibang dako ng bansa.

Sinasabing may isang brother at isang sister na ang nagkakilala at kasalukuyang nagdedeyt. Ang iba pa ay patuloy na nakikipag-ugnayan at nakikipagkilala sa mga tao sa pamamagitan ng mga forum post at iba pang mga talakayan, na humahantong sa sarilinang pag-uusap at sana sa pakikipagdeyt at iba pang mga getting-to-know activity. May mga ipinaplano para sa pagpupulong at sama-samang paglilingkod sa Metro Manila, at inaasahang susunod ang mga nasa ibang area.

Bagama't inamin ng ilang mga miyembro na medyo nakakaasiwa ang pagiging kabilang sa grupo dahil sa malinaw na layunin ng pagkakabuo nito, kahanga-hanga pa rin ang pananampalataya at kabutihan na ipinapakita ng lahat ng nasa grupo. Ang kanilang pagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos, optimismo at determinasyon ay nakikita sa kanilang mga pag-uusap. Pinalalakas nila ang isa't isa sa pagsisikap na makahanap ng eternal companion, at dahil dito


LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

Ammon and Cielo had the best Valentine date when they got married at the Manila Temple last February 14.

nakatulong ang social networking sa landas tungo sa kaganapan at walang hanggang kaluwalhatian.

**PAGSUNOD SA LALONG MADALING PANAHON**

Tulad ni Dane Beriong, nadama rin ni Ammon Guanzon na parang tuwirang nangungusap sa kanya ang Panginoon noong Area Broadcast. Ang payo ng Area Presidency ay naghikayat sa kanya na hilingin kay Cielo Aquino na huwag ituloy ang pagmimisyon nito sa Hongkong at sa halip ay magpakasal sa kanya sa templo sa lalong madaling panahon.

Si Cielo, na noon pa man ay gusto nang magmisyon, ay nag-ayuno at ipinagdasal ang tungkol sa alok na kasal. Siya ay sinagot sa pahiwatig na tanggapin ang alok na kasal ni Ammon. "Ang pagpili sa dalawang mabuting bagay ay talagang mahirap, pero pinili kong sundin ang pahiwatig ng Espiritu. Dahil dito, isang himala ang nangyari: pinalambot ng Panginoon ang puso ng mga magulang ko at pinayagan kami. Ito ang talagang pinakamahirap, pinakamatapang, subalit, pinakamagandang desisyon na nagawa ko sa aking buhay," ang sabi niya nang nakangiti.

Nag-usap-usap ang kanilang mga pamilya at Pebrero 14 ang itinakdang araw ng kasal. Dahil halos tatlong linggo na lang para maghanda, nagtulung-tulong ang pamilya at mga kaibigan sa pagsasaayos ng kasal na hindi nila inakalang posible. Sa lubos na pagmamahal at napakalaking suporta na natanggap nila, nadama nina Ammon at Cielo ang kapangyariihan ng Ama sa Langit na naghanda ng paraan para sa kanila.

Higit pa sa pagpaplano at paghahanda para sa kasal sa templo at sa kasunod na reception program, ang pagtatagumpay sa hamon ng maling kaugalian ang pinakamahirap para kina Ammon at Cielo. Napakabata pa nila… dapat muna sanang magmisyon si Cielo at si Ammon ay magtrabaho muna sa ibang bansa. "Kailangan nating mapaglabanan ang mga ito nang buong tapang at manampalataya na ang pagsunod sa utos ng Diyos sa lalong madaling panahon ang siyang tamang gawin. Oo, magpapakasal din kami kalaunan, tatanda nang magkasama at di-magtatagal magkakaroon ng sariling pamilya, kaya't bakit pa namin ipagpapaliban ito. Hindi ko makakayang mawala sa akin ang mga pagpapalang ito dahil lamang patuloy kong isinasantabi ang utos ng Diyos na maibuklod sa Templo," sabi ni Ammon.

Ipinahahayag ng bagong kasal ang kanilang walang hanggang pasasalamat sa kanilang mga magulang sa pagpapalaki sa kanila sa ebanghelyo at pagpapalakas sa kanila upang makagawa ng tamang pasiya. Pinapayuhan nila ang iba pang mga young single adult na sumunod nang walang pag-aalinlangan. "Kayo ay magiging karapat-dapat sa mga pagpapala ng langit kung gagawin ninyo ito. Kung agad kayong susunod, agad kayong tatanggap ng mga pagpapala!" ■